



Kamakailang pagbabago: (mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

9/29/21: Simula sa Nobyembre 1, 2021. Ang mga nagpapalakad [operator] ng Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay dapat na magkumpara [cross check] ang patunay ng ganap na pagpapabakuna o negatibong mga resulta ng pagsusuri sa virus ng COVID-19 para sa mga dumadalo na 18 gulang pataas laban sa pagkakakilanlang larawan (photo identification).

Bilang tugon sa patuloy na transmisyong ng COVID-19 sa komunidad at pagkakaroon ng baryanteng Delta (Delta variant), ang bagong [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) ay nag-aatas sa mga negosyong nasa mas mataas na panganib na gumawa ng mga karagdagang hakbang upang siguraduhin ang kaligtasan ng kanilang mga kostumer at empleyado, kabilang ang pagpapatunay ng katayuan sa pagpapabakuna bago makapasok. Ang pag-aatas sa pagpapabakuna para sa mga pumapasok sa mga negosyong ito ay tutulong na mabawasan ang pagkalat sa komunidad, pababain ang panganib sa mga manggagawa, at hikayatin ang mga residente na mabakunahan. Ligtas at mabisa ang mga bakuna, laganap na magagamit sa County, at ang pinakamahusay upang bawasan ang panganib ng pagkakasakit mula sa COVID-19.

Ang baryanteng Delta ng virus ay mas madaling kumakalat kaysa sa mga naunang uri (strains) ng virus ng COVID-19. Ayon sa mga inilathalang ulat [report], ang mga kadahilanan na nagpapataas ng panganib ng impeksyon, kabilang ang transmisyong sa mga tao na higit sa 6 na talampakan ang layo, ay kinabibilangan ng:

- **Mga saradong espasyo na may hindi sapat na bentilasyon o pag-ikot ng hangin** na nagbibigay-daan para sa pagtitipon ng mga likido ng palahingahan, lalo na ang labis na napakaliliit na patak, at mga butil ng aerosol, na nasa hangin.
- **Pinataas na pagbuga ng hininga ng mga likido ng palahingahan** na maaaring maganap kapag ang nakakahawang tao ay nakikisali sa pisikal na pagbibinat (physical exertion) o inilalakas ang kanilang boses (hal., pag-eehersisyo, pagsigaw, pagkanta).
- **Matagal na pagkakatad** sa mga kondisyong ito.

Ang malalaking kaganapan, tulad ng Napakalaking Kaganapan [Mega Events], ay kasalukuyang nagdadagdag ng panganib para sa transmisyong ng COVID-19 dahil ang mga dumadalo ay gumugugol ng mahabang panahon sa pisikal na pagkakalapit sa maraming bilang ng mga tao na hindi nila karaniwang nakakahalubilo, sa gayon ay nagpapataas ng panganib na ang maliliit na butil ng palahingahan na naglalaman ng virus ng COVID-19 ay maipapasa sa pagitan ng mga dumadalo. Ang mga negosyong naghahain ng mga pagkain at inumin sa mga kostumer sa mga panloob na lugar ay itinuturing din na kapaligiran ng mas mataas na panganib para sa transmisyong ng COVID-19 dahil ang mga tao, na parehong nabakunahan na at hindi pa nabakunahan, ay nasa mga panloob na lugar (indoors), na madalas ay walang mga maskara sa mukha, ng mahabang oras.

Mga Pangunahing Probisyon

Sa ibaba ay ang binagong mga patakaran ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa parehong Napakalaking Kaganapan [Mega Events] (mga panloob na kaganapan na may 1,000+ na dumadalo o mga panlabas na kaganapan na may 10,000+ na dumadalo) at mga bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak, distillerya, nightclub, at lounge. Tandaan na ang lahat ng mga kostumer at empleyado ay dapat na magpatuloy sa pagsusuot ng mga maskara sa mukha habang nasa Panloob o Panlabas ng Napakalaking Kaganapan [Mega Events] hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna.

- ✓ **Napakalaking Kaganapan [Mega Events]:**
 - ✓ Ang lahat ng mga dumadalo sa Napakalaking Kaganapan [Mega Events] sa mga Panloob na Lugar ay dapat na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 o bago-pumasok na negatibong resulta ng pagsusuri (dyagnostik) sa COVID-19 bago makapasok. Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang ay mayroong eksemsyon.





INAATAS SA PAGPAPABAKUNA O PAGSUSURI SA COVID-19

Pangkalahatang-ideya sa mga Nasasaklaw na Negosyo



- ✓ Simula Oktubre 7, 2021: ang lahat ng mga dumadalo na edad 12 pataas sa Napakalaking Kaganapan [Mega Events] sa mga Panlabas na Lugar ay dapat na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 o bago-pumasok na negatibong resulta ng (dayagnostikong) pagsusuri bago makapasok. Ang mga bata na wala pang 2 taong gulang ay may eksemsyon.
- ✓ Simula sa Nobyembre 1, 2021. Ang mga Nagpapalakad [Operator] ng Napakalaking Kaganapan [Mega Events] ay inaatasan na magkumpara [cross check] ang patunay ng ganap na pagpapabakuna o negatibong mga resulta ng pagsuri sa virus ng COVID-19 para sa mga dumadalo na 18 gulang pataas laban sa pagkakakilanlang larawan (photo identification).
- ✓ Ang pagpapatunay ng sarili (attestation) ay hindi na sapat upang magpapatunay ng katayuan sa pagpapabakuna o mga resulta ng pagsusuri.
- ✓ Tingnan ang [Gabay sa Pagpapatunay sa Bakuna](#) at [Gabay sa Pagpapatunay sa Pagsusuri](#) para sa bawat hakbang na mga tagubilin.
- ✓ Mga bar, gawaan ng serbesa, gawaan ng alak, at distilerya:
 - ✓ Simula Oktubre 7 hanggang Nobyembre 3, 2021: Ang mga nagpapalakad (operator) ay dapat na mapatunayan na ang lahat ng mga tumatangkilik edad 12 taon pataas ay may hindi bababa sa isang dosis ng bakuna sa COVID-19 para makapasok sa pasilidad upang makakuha ng mga panloob na serbisyo.
 - ✓ Simula Nobyembre 4: Ang mga nagpapalakad (operator) ay dapat na mapatunayan na ang lahat ng mga tumatangkilik edad 12 taon pataas at mga empleyado sa mismong lugar ay ganap nang nabakunahan para makapasok sa pasilidad upang makakuha ng mga panloob na serbisyo. Tingnan ang [Gabay sa Pagpapatunay ng Bakuna](#) sa bawat hakbang na tagubilin.
 - ✓ Ang mga tumatangkilik (patrons) na hindi nagpakita ng patunay ng pagpapabakuna ay maaaring paupuin at pagsilbihan sa panlabas na bahagi ng pasilidad.
 - Ang ilang partikular na tao, na may suot na akmang kasya na maskara ay maaaring pahintulutan na pansamantalang pumasok sa panloob na bahagi ng pasilidad para sa limitadong mga layunin, tulad ng, paghahatid (delivery) o pagkuha (pick-up); upang magbigay ng serbisyo o pagkukumpuni; para sa emerhensya o regulasyong pagbisita; upang gumamit ng banyo; o kumuha (pick-up) ng iuuwing binili.
- ✓ Mga nightclub at lounge :
 - ✓ Simula Oktubre 7 hanggang Nobyembre 3, 2021: Ang mga nagpapalakad (operator) ay dapat na mapatunayan na ang lahat ng mga tumatangkilik ay mayroong hindi bababa sa isang dosis ng bakuna sa COVID-19 para makapasok
 - ✓ Simula Nobyembre 4: Ang mga nagpapalakad (operator) ay dapat na mapatunayan na ang lahat ng mga tumatangkilik at mga empleyado sa mismong lugar ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19. Tingnan ang [Gabay sa Pagpapatunay ng Bakuna](#) para sa bawat hakbang na mga tagubilin.
 - ✓ Ang mga tumatangkilik (patrons) na hindi nagpakita ng patunay ng pagpapabakuna ay maaaring paupuin at/o pagsilbihan sa mga panlabas na bahagi ng pasilidad.
 - Ang ilang partikular na tao, na dapat na magsuot ng akmang kasya na maskara, ay maaaring pahintulutan na pansamantalang pumasok sa panloob na bahagi ng pasilidad para sa limitadong mga layunin tulad ng paghahatid (delivery) o pagkuha (pick-up); upang magbigay ng serbisyo o pagkukumpuni; para sa emerhensya o regulasyong pagbisita; upang gumamit ng banyo; o kumuha (pick-up) ng iuuwing binili.



Bilang karagdagan sa mga patakaran sa itaas, ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan ay **mariing inirerekomenda** na ang mga restawran at iba pang mga pasilidad ng pagkain ay ireserba ang mga panloob na bahagi ng kanilang establisyemento para sa mga indibidwal na nagagawang magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna laban sa COVID-19 bago makapasok. Hindi dapat ito gagawin sa mga taong nagsusuot ng akmang kasya na maskara na pumapasok pansamantala sa panloob na bahagi ng pasilidad para sa mga limitadong layunin, tulad ng paghahatid (delivery) o pagkuha (pick-up); upang magbigay ng serbisyo o pagkukumpuni; para sa emerhensya o regulasyong pagbisita; upang gumamit ng banyo; o kumuha (pick-up) ng iuuwing binili.

Mga Karagdagang Mapagkukunan Ng Impormasyon

Mangyaring bisitahin ang mga sumusunod na lugar para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano sumunod sa bagong Utos ng Opisyal ng Kalusugan:

- Ang Pangkalahatang Impormasyon tungkol sa pagpapabakuna at kung [paano isaayos ang klinika sa pagpapabakuna](#) sa iyong lugar ng trabaho ay maaaring matagpuan sa [VaccinateLACounty.com](#).
- Tingnan ang LA County [Gabay sa Nakikitang Patunay na Pruweba ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#) para sa mas marami pang detalyadong impormasyon at bawat hakbang na pagpapatunay na tagubilin na may mga larawan ng dokumentasyon sa iba't ibang bakuna.
- Tingnan ang LA County [Gabay sa Nakikitang Patunay na Pruweba ng Negatibong Pagsusuri sa COVID-19](#) para sa detalyadong tagubilin tungkol sa kung paano papatunayan ang mga resulta sa pagsusuri sa COVID-19.
- Tingnan ang [Madalas na Katanungan \(FAQ\) para sa mga Nagpapalakad \(Operator\) ng Kaganapan](#) para sa mga partikular na katanungan na may kaugnayan sa patakaran sa pagpapabakuna o pagsusuri para sa Napakalaking Kaganapan [Mega Events].
- Tingnan ang [Madalas Na Katanungan \(FAQ\) para sa mga Nightclub, Bar, Lounge, Gawaan ng Serbesa, Gawaan ng Alak, at Distilerya](#) para sa mga partikular na katanungan na may kaugnayan sa patakaran sa pagpapabakuna para sa mga negosyong ito.